

## Mga Mapagkukunan

### Legal Aid Ontario

[www.legalaid.on.ca](http://www.legalaid.on.ca) o tumawag sa 1-800-668-8258, Lunes hanggang Biyernes, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. para sa pangkalahatang impormasyon at mga pagsangguni sa mga abugado na maaaring tumulong sa mga kliyenteng mababa ang kita

### Law Society Lawyer Referral Service

<http://lsrs.lsuc.on.ca/lsrs/> o tumawag sa 1-800-268-8326 para sa mga pagsangguni sa mga pribadong abogado; libre ang unang 30 minuto

### Community Legal Education Ontario

[www.cleo.on.ca](http://www.cleo.on.ca), para sa impormasyon sa batas pampamilya, batas para sa imigrasyon at sistema ng korte sa pangkalahatan. Ang online booklet nito, Family Law Resources in Ontario, ay nagbibigay ng impormasyon kung paano makakahanap ng abogado, maghanap ng impormasyon online at kumuha ng tulong sa korte.

**Kustodiya at mga isyu sa access para sa mga imigrante at mga taong nasa peligrong ma-deport**



Nagbibigay ang brochure na ito ng mahalagang impormasyon para sa mga refugee na naghahabol na mga magulang at hiwalay sa mga kapareha nila.

# Mga Nilalaman

- 1** Kalagayan sa imigrasyon at mga isyu sa kustodiya
- 6** Mga legal na isyu sa kabilang magulang
- 10** Mga Mapagkukunan

# Kalagayan sa imigrasyon at mga isyu sa kustodiya

## Hindi ako Canadian citizen at wala akong legal na katayuan sa Canada. Makukuha ko pa rin ba ang kustodiya ng aking mga anak?

Ang kalagayan mo sa imigrasyon ay walang epekto sa mga karapatan mo sa kustodiya ng bata at access, sa kakayahan mong magdala ng paghabol sa kustodiya o access o sa kakayahan mong tumugon sa paghabol.

Sa kundisyong ang anak mo ay nakatira sa probinsiya, madidinig ng mga korte sa Ontario ang kaso mo at makakapagpasya. Totoo ito para sa sinumang:

- Mamamayan ng Canada
- permanenteng residente
- kundisyonal na permanenteng residente
- taong walang legal na katayuan sa Canada
- taong nagsumite ng aplikasyon sa imigrasyon.

## Paano kung kailangan kong umalis sa Canada?

Kung sa palagay ng korte na ikaw o ang kabilang magulang ay maaaring umalis sa Canada at lumipat sa ibang bansa, maaaring isaalang-alang ng mga korte ang impormasyong ito sa paggawa ng kautusan sa kustodiya o access. Totoo ito kung boluntaryo kang aalis o dahil ide-deport ka.

## **Nagkaroon ng maikling relasyon sina Maria at Filip at naghiwalay noong kapapanganak pa lang ni Bobby.**

Paminsan-minsan ay bumibisita si Filip at nagbabayad ng ilang gastusin, ngunit laging si Maria ang nag-aalaga kay Bobby. Walang legal na katayuan si Maria sa Canada at nasa peligrong ma-deport pabalik sa pinagmulan niyang bansa.

Ibabase ng husgado ang pasya sa pinakamabuting interes ni Bobby. Maaaring ang pasya ay si Maria ang may kustodiya kay Bobby, babalik man siya o hindi sa pinagmulan niyang bansa.

## **Wala akong legal na katayuan sa imigrasyon ngunit nais kong pumunta sa korte ng pamilya sa usaping pampamilya. Maapektuhan ba ang katayuan ko sa pagpunta ko sa korte?**

Kung wala kang legal na katayuan sa imigrasyon sa Canada, ang pagsisimula ng pagdinig ng pamilya ay maaaring maglagay sa iyo sa peligrong ma-deport.

Kapag pumunta ka sa korte ng pamilya, inaatas ng mga pagdinig na magbigay ka ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mga dokumento ng korte ng pamilya. Nangangahulugan ito na maaaring malaman ng mga awtoridad ng imigrasyon kung nasaan ka, masimulan ang proseso ng deportasyon sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng liham na nag-aatas na dumalo ka sa panayam para sa imigrasyon.

## **Ano ang isinasaalang-alang ng husgado sa paggawa ng kautusan sa kustodiya o access?**

Sa pangkalahatan, naglalagay ang korte ng mataas na lebel ng kahalagahan sa paglalaan ng oras ng bata sa dalawang magulang. Magpapasya ang husgado bata sa pinakamabuting interes ng mga bata, at nangangahulugan iyon ng pagsasaalang-alang ng mga isyu tulad ng:

- sinong magulang ang makakapagbigay sa bata ng matatag, mapagmahal at ligtas na kapaligiran sa tahanan?
- ano ang mga kagustuhan ng bata?
- sinong magulang ang pinaka-may kakayahang makatugon sa mga pangangailangan ng bata?
- nasa pinakamabuting interes ba ng batang tumira sa ibang bansa o manatili sa Canada (kung sa paniwalan ng korte na maaaring umalis ang isang magulang kasama ang bata, boluntaryo man o dahil humaharap sila sa deportasyon)?

Ang hurado ay maaaring:

- gumawa ng pansamantalang kautusan na nagbigay ng kustodiya at mga tuntunin sa pag-access habang ang dalawang magulang ay nasa Canada, at iuutos na maglalapat ng ibang tuntunin kapag umalis ang isang magulang sa Canada
- ramdam na nasa pinakamabuting interes ng bata na malagay sa kustodiya ng isang partikular na magulang, manatili man o hindi ang magulang na iyon sa bansa
- gumawa ng kautusang non-removal, na nagsasaad na hindi maaaring alisin sa Canada ang bata. Ang nasabing kautusan ay hindi magpapahinto sa iyong deportasyon. Kung nahaharap ka sa deportasyon, nabigyan ng kustodiya at nakatanggap ng kautusang non-removal para sa anak mo, makipag-usap agad sa abogado pang-imigrasyon.

## **Dalawang taon nang diborsiyado sina Leila at Peter. Ang pitong-taong gulang na anak nila ay na kay Leila sa buong linggo at kadalasan na kay Peter kapag katapusan ng linggo.**

Nagpapagamot si Joey para sa mga mabigay na problemang medikal sa lokal na pang-batang ospital. Namimiligro si Leila na ma-deport pabalik sa pinagmulan niyang bansa.

Batay sa pinakamabuting interes ng bata, posible na makapagpasya ang hurado na ang dalawang magulang ang may pinagsamang kustodiya habang si Leila ay nasa Canada, ngunit ang solong kustodiya ay dapat ibigay kay Peter kung ma-deport si Leila.

## **Maaari ba akong ma-deport nang di kasama ang aking anak?**

Oo. Kung wala kang kustodiya ng anak mo, maaari kang ma-deport nang hindi kasama ang bata.

Kung may kustodiya ka ng anak mo, makikipagtulungan ang korte sa iyo para matiyak na makakaalis ang bata sa bansa nang kasama mo, kahit na may kautusang non-removal para sa anak mo. Subalit, kailangan mong gumawa ng mga aktibong hakbang para matiyak na makansela ang kautusang non-removal. Dapat kang makipag-usap sa abogado sa lalong madaling panahon.

## **Mahahadlangan ko ba ang pag-deport sa akin sa pamamagitan ng pagdadala ng kaso ko sa pang-pamilyang korte?**

Hindi. Walang kakayahan ang mga pang-pamilyang korte ng Ontario na mapahinto ang kautusan sa pag-deport.

Posible na maantala ang pag-deport sa iyo hanggang makagawa ng pinal na kautusan sa kustodiya:

- kung ang pinal na kautusan sa kustodiya ay hindi pa nagagawa
- nagsasagawa ka pa ng mga argumento sa harap ng hurado at
- ikaw at ang kabilang magulang ay nasa tunay na hindi pagkakasundo sa kustodiya sa kung sino ang pinakamabuting makakapag-alaga sa bata.

Kahit na, hindi maaaring iantala ang pag-deport sa iyo. Sa pangkalahatan, ang mga korte ay hindi mag-aantala ng pag-deport kung saan ang paghabol sa kustodiya ay gagawin tangi lang para iwasan o iantala ang kautusan sa pag-deport.

## May magagawa ba ako para maiwasang ma-deport at manatili sa Canada kasama ng aking anak?

Maaari kang magdala ng aplikasyon sa imigrasyon para subukang makakuha ng legal na katayuang manatili sa Canada, at sa ilang kaso, subukang ihinto o iantala ang deportasyon mo.

Halimbawa, maaari ang magsumite ng **aplikasyon sa Humanitarian and Compassionate (H&C)** sa Citizenship and Immigration Canada, na hinihiling na pahintulutan kang manatili sa Canada. Para magtagumpay ang aplikasyong ito, dapat mong ipakita na nakataguyod ka na sa Canada at mahirap na bumalik ka sa bansang pinagmulan mo. Sa pagpasya sa aplikasyon mo sa H&C, dapat isaalang-alang ng mga opisyal ng imigrasyon ang pinakamabuting interes ng anak mo.

Subalit, ang mga opisyal ng imigrasyon ay may awtoridad na mag-deport ng tao na ang aplikasyon sa H&C ay di pa napasyahan – at magpasya kung ipagkakaloob ang aplikasyon kapag nasa labas na ng Canada ang tao.

Sa kaunting bilang ng mga kaso, maaari kang magsagawa ng mga karagdagang hakbang para maantala o mapahinto ang deportasyon:

- Kapag naisumite na ang iyong aplikasyon sa H&C, maaari kang makapag-employo ng abogado para ipaantala sa Pederal na Korte ang deportasyon mo hanggang mapagasyahan ang iyong H&C.
- Kung natatakot kang bumalik sa iyong tahananang bansa, maaari ka ring makipag-usap sa abogadong pang-imigrasyon tungkol sa posibilidad na magsagawa ng paghabol bilang refugee, o ibang aplikasyong tinatawag na **Pre-Removal Risk Assessment**.
- Maaari ka ring makipag-usap sa isang abogadong pang-imigrasyon para makita kung may ibang mga opsyong magagamit mo, tulad ng pag-sponsor ng pamilya.

## **Magulo ang relasyon nina Dmitri at Jenna. Pareho nila nais ang solong kustodiya ng anak nilang babaeng si Marika.**

Nagbanta si Dmitri na dadalhin si Marika pabalik sa bansang pinagmulan niya.

Wala siyang legal na katayuan sa Canada. Nagsumite siya ng aplikasyong H&C ngunit nananatiling nasa peligrong ma-deport.

Nagbigay ang hurado ng kautusang nagbibigay kay Dmitri ng solong kustodiya, na may access si Jenna with katapusan ng linggo.

## **Mga legal na isyu sa kabilang magulang**

### **Natatakot ako na aalis sa Canada ang kabilang magulang at babalik sa kanyang bansang pinagmulan. May paraan ba para mapahinto iyon?**

Kapag umalis ang magulang sa bansa kasama ang bata, napakahirap na mapabalik ang bata sa Canada. Mas mainam na pahintuing paalisin ang bata mula sa Canada. Narito ang ilang istrategiya:

- Maaari kang humingi ng kautusang non-removal mula sa korte para sa anak mo. Sinasabi ng kautusang ito na hindi makakaalis ang bata mula sa Canada nang walang kautusan ng korte o nakasulat na pahintulot mula sa iyo. Kapag may tumawid sa border kasama ng bata, karaniwan ay hihingin ng mga opisyal ng imigrasyon ang kautusan ng korte o liham bago nila pahintulutan ang taong umalis sa Canada nang kasama ang bata.



- Makakahingi ka sa korte ng kautusang nagpapahintulot sa iyo o sa korteng itago ang pasaporte ng bata. Minsan, maaari ring itago ng korte ang pasaport ng kabilang magulang.
- Maaari kang tumangging lagdaan ang aplikasyon para sa pasaporte ng bata. Upang makakuha ng pasaporteng Canadian para sa bata, ang dalawang magulang ay dapat lumagda sa aplikasyon para sa pasaporte.

Kung may kustodiya ka, at nilabas ng kabilang magulang ang bata mula sa bansa nang walang kautusan ng korte o pahintulot mo (tinatawag ding “pagdakip ng magulang sa bata”), dapat kang:

- tumawag sa abogado para sa payo at/o
- makipag-ugnayan sa Consular Unit ng Vulnerable Children na bahagi ng Department of Foreign Affairs, Trade and Developmentng Canada, para sa payo at tulong. Matatawagan mo sila sa 1-800-387-3124 o makakahanap ng karagdagang impormasyon online sa [travel.gc.ca/child](http://travel.gc.ca/child).

Para matiyak na hindi makaalis nang boluntaryo si Dmitri sa bansa kasama si Marika, maaaring gumawa ang hurado ng kautusang non-removal na nagsasaad na hindi mailalabas sa Canada si Marika.

Kung sinabi ng mga opisyal kay Dmitri na malapit na siyang ma-deport, maaari si Dmitri magsampa ng emergency na motion sa hurado ng pamilya, na humihingi ng pagtatapos ng kautusang non-removal. Maaari ring hilingin ni Dmitri sa huradong partikular na isaad na ipagkaloob ang emergency na motion maliban kung may malalaking, hindi inaasahang mga pagbabago sa sitwasyon.

## **Gumawa ang hurado ng kautusang non-removal na nagsasaad na hindi makakaalis ang anak ko sa Canada maliban kung makakuha ako ng kautusan ng korte o pahintulot mula sa kabilang magulang. Ano ang mangyayari kapag na-deport ako?**

Madadala mo man o hindi ang anak mo ay bahagyang depende kung may kustodiya ka sa bata. Sa ilang kaso, ang hurado ng pang-pamilyang korte ay magbibigay ng solong kustodiya sa isang magulang, manatili man o hindi ang dalawang magulang sa Canada. Sa ibang kaso, gagawa ang hurado ng dalawang kautusan sa kustodiya at access: ang isa ay para sa panahon na ang dalawang magulang ay nakatira sa Canada, at ang isa ay kapag ang isang magulang ay na-deport.

### **Ano ang magagawa ko para maisama ang anak ko?**

<b>Ang sitwasyon mo</b>	<b>Ano ang gagawin</b>
Gagawa ang hurado ng kautusang non-removal, at alam mong maaari kang ma-deport	Maaari kang magdala ng emergency na motion sa pang-pamilyang korte, pinakakansela sa hurado ang kautusang non-removal ng anak mo. Maaari mo ring hilingin na ipagkaloob ng hurado ang emergency na motion na ipatutupad maliban kung may mga makabuluhang, hindi inaasahang pagbabago sa kaso mo.
May kustodiya ka	Tutulong ang pang-pamilyang korte na matiyak na maisasama mo ang anak mo kapag umalis ka sa Canada.
May kustodiya ka, ngunit humaharap ka sa deportasyon, at nakatalaga ang kautusang non-removal	Makipag-usap sa abogadong pang-imigrasyon sa lalong madaling panahon.

**Noong kasal pa kami ng asawa ko, nagkasundo kami na kung maghihiwalay man kami, mawawalan ako ng kustodiya ng aming mga anak. Naghihiwalay na kami ngayon. Nangangahulugan ba iyon na wala na akong pagkakataong makakuha ng kustodiya o access?**

Hindi. Ang *Family Law Act* ng Ontario ay nagsasaad na kapag nagpakasal ang magkapares, hindi nila maaaring pagkasunduan, bago pa man, ang kung sino ang makakakuha ng kustodiya o access kung sa kalaunan sila ay maghiwalay. Ang bahagi ng kasunduan niyo na nagtatakda ng kustodiya o pakikipag-ayos sa access ay hindi maaaring ipatupad.

**Makabuluhan ba kung ginawa namin ang kasunduan sa Canada o sa aming bansang pinagmulan?**

Hindi. Balewala kung ang kasunduan ay ginawa sa Canada o sa ibang bansa. Magpapasya ang korte batay sa panakamabuting interes ng bata.



